

PROSESO SA PAGREKLAMO

Ang bawat isa ay may obligasyon na sumunod sa batas at may karapatan na humingi ng bayad-pinsala para sa di umano'y mga paglabag. Ang reklamo sa pabahay ay dapat isampasaloob ng isang taon ng petsang di umano'y pinsala. Ang mga imbestigasyon ay isasagawa upang tukuyin kung mayroong makatarungang dahilan upang paniwalaan na ang paglabag sa batas ay naganap at upang mag sagawa ng aksyon para iwasto ang maselang mga paggawi o patakaran. Para makakuha ng karagdagang impormasyon tungkolsa proseso sa pagrereklamo, bisitahin ang aming website o makipag-ugnayan sa aming opisina.

ESTADO NG WASHINGTON LUPON NG KARAPATANG PANTAO

PUNONG HIMPILAN NG OLYMPIA
711 South Capitol Way, Suite 402
P.O. Box 42490
Olympia, Washington 98504-2490
360-753-6770

SPOKANE
Rock Pointe Plaza III
1330 North Washington Street, Suite 2460
Spokane, Washington 99201
509-568-3196

EVERETT
729 100th Street SE
Everett, WA 98208

VANCOUVER
312 SE Stonemill Dr., Bldg 120
Vancouver, WA 98684

YAKIMA
15 West Yakima Ave., Ste 100
Yakima, WA 98902

EAST WENATCHEE
519 Grant Rd
East Wenatchee, WA 98802

WEBSITE: www.hum.wa.gov
TOLL FREE: 1-800-233-3247
TTY: (360) 586-2585

Para sanagsasalitang Tagalog

Mangyaring ipagbigay-alam sa amin kung kailangan mo ng interpreter o makatarungang akomodasyon.

DISKRIMINASYON SA TRABAHO



ESTADO NG WASHINGTON

LUPON NG KARAPATANG PANTAO

Itinatag noong 1949, ang Batasan ng Estado ng Washington, ang Lupon ng Karapatang Pantao sa Estado ng Washington ay nagpapatupad at nangangasiwa sa Batas ng Washington Laban sa Diskriminasyon, Kabanata 49.60 RCW

Ang Layuninng Lupon ng Karapatang Pantao sa Estado ng Washington ay sugpuin at alisin ang diskriminasyon sa pamamagitan ng patas na paggamit ng batas, ang maaasahang paggamit ng mga mapagkukunan, at ang pagtatatag ng produktibong pagsosyosa komunidad.

Itinatag noong 1949, ang Batasanng Estado ng Washington, ang Lupon ng Karapatang Pantao sa Estado ng Washington (WSHRC) ay may pananagutan sa pangangasiwa at

pagpapatupad ng Batas ng Washington Laban sa Diskriminasyon (WLAD), Kabanata 49.60 ng Binagong Kodigong Washington (RCW).



Ang ahensiya ay nagtatrabaho para maiwasan at mabawasan ang diskriminasyon sa pamamagitan ng imbestigasyon sa reklamo, alternatibong resolusyon sa alitan, at edukasyon, pagsasanay at mga outreach activity.

ANO ANG DESKRIMINASYON SA TRABAHO?

Ang mga gawaing pagtatangi sa trabaho sa batayan ng anu mang protektadong uri ay hindi makatarungan. Ang diskriminasyon sa trabaho ay nagaganap kapag ang indibiduwal ay itinuring nang hindi patas *dahil sa* katayuan na protektadong uri ng isang tao.

Kabilangsamgaprotektadong Uri saTrabahoang:

Lahi/Kulay;
Bansang Pinagmulan;
Pananampalataya;
Kasarian/Pagbubuntis;
Seksuwal na Oryentasyon/Pagkakakilanlan ng Kasarian
Katayuang Beterano/Militar
Ang pagkakaroon ng anu mang nararamdaman, pangkaisipan o pisikal na Kapansanan – Aktuwal o Ipinahihiwatig;
Pag gamit ng Hayop sa Serbisyo;
HIV o Hepatitis C;
Katayuang May asawa;
Edad (40+);
Katayuan sa Estado bilang Pagiging Whistleblower na Empleyado

Hindi rin makatarungan na gumanti sa sinumang tao na nagsampa o nakibahagi sa reklamo sa diskriminasyon.

Ang ilegal na diskriminasyon ay maaaring maganap sa oras ng prosesong aplikasyon sa trabaho sa pamamagitan ng hindi patas na mga katanungan bago ang trabaho, o sa oras ng trabaho habang nasa trabaho. Kabilang sa mga pamamaraan kung saan ang diskriminasyon sa trabaho ay maaaring maganap: kakaibang pagtrato, kung saan ang indibiduwal ay itinatratong kakaiba o hindi patas kumpara sa katulad ng nasa sitwasyon na kasamahan sa trabaho sa lugar ng trabaho na wala sa protektadong uri ng indibiduwal; kakaibang dating, kung saan ang employer ay maaaring magkaroon ng patakaran o gawin na mukhang patas, ngunit nag dudulot ng hindi patas na pagtrato sa buong grupo ng mga tao batay sa kanilang karaning protektadong uri; panliligalig/salungat na lugar ng trabaho, kung saan ang mga kundisyon sa trabaho ay hindi matatagalan dahil sa protektadong uri ng indibiduwal na ang makatwirang tao sa lugar ng empleyado ay nakaramdam ng pamimilit na mag

bitiw sa tungkulin; pagkabigo na matanggap ang kapansanan o paniniwala sa relihiyon; paghihiganti sa nag rereklamo tungkol sa diskriminasyon



Title VII of the Civil Rights Act of 1964; Title I of the Americans with Disabilities Act; Age Discrimination in Employment Act of 1967 (ADEA); Equal Pay Act of 1963 (EPA); Genetic Information Non Discrimination Act (GINA); Lilly Ledbetter Fair Pay Act; and case law. Ang Diskriminasyon ng Trabaho ay pinangangasiwaan ng estado at ng pederal na batas, at buong korte sa pamamagitan ng litigasyon na lumilikha ng batas na nagpapaliwanag at gumagamit ng mga batas sa mga sitwasyon na patungkol sa katotohan. Matatagpuan sa Mga Batas sa Diskriminasyon sa Trabaho ng Estado ng Washington ang RCW 49.60; Titulo 162 ng Kodigo sa Pangangasiwang Washington (WAC); at batas sa kaso. Kabilang sa pederal na batas sa diskriminasyon sa trabaho ang:

PAGSASAMPA NG REKLAMO

Sa ilalim ng RCW 49.60, ang mga reklamo sa diskriminasyon sa trabaho ay dapat isampa sa WSHRC sa loob ng 6 na buwan mula sa petsang di umano'y pananakit. Ang batas sa limitasyon ay 2 taon mula sa petsang di umano'y pananakit sa mga indibiduwal na nagsasampang reklamo batay sa katayuan ng whistleblower bilang empleyado ng estado.

Ang WSHRC ay **walang hurisdiksyon** sa mga employer na may kakaunti sa 8 empleyado, tribo ng mga Katutubong Amerikano, pederal na pamahalaan, mga employer ng relihiyon, o reklamo sa labas ng estadong Washington.



PATAS NA PAGGAMIT NG BATAS

Ang Lupon ng Karapatang Pantao sa Estado ng Washington ay walang kinikilingan, ahensiya na nagpapatupad ng batas na naghahanap ng katotohanan; hindi ito kumikilos bilang tagapagtanggol para alin mang partido sa oras ng imbestigasyon, ngunit nagtatanggol para sa batas sa kapakinabangan ng pagsugpo at pagtanggol ng diskriminasyon.